©Copyright. 2012

Ang istoryang to ay pagmamay-ari ni Noquane…wala lang type ko lang ilagay…mafeeling eh hahaha alam mo na? May mga taong di mapagkakatiwalaan sa panahong ito. Always remember, Plagiarism is a crime. May balat sa pwet ang aagaw neto. wuahahaha

Noquane'soneshotstory

***

**Ano ba naman tong mga gamit mo Inah! Kahapon pa nakakalat dito sa sahig mo! Di mo man lang ba magawang ayusin?**

Naririnig ko boses ng kaibigan ko. Oo kasi kahapon. Nagwala ako! Nagwala ako ng sobra because of my good-for-nothing-boyfriend!! Bullshit! Ow, let me correct that, ex-boyfriend. He's been cheating on me…eversince naging kami! Take note, we've been together for almost two years. At kahapon, dun niya ipinamukha sa akin na sobrang tanga ko. Sobrang bobo! Ang tanga tanga ko. Pakiramdam ko mamatay ako sa sobrang sakit! Ang sakit sobra. Tumutulo na naman mga lintik na luha ko. Nakakainis!

**Ano ka ba? Magmumuk-muk ka na na lang ba diyan? For pete's sake Inah! Tanggapin mo na lang na niloko ka ng boyfriend mo!! Ilang ulit ko bang sasabihin sayo na matagal ka na niyang niloloko dahil pinagsabay niya kayo ni Aya?!**

**Oo na! Ako na tanga! Ako na! Paulit ulit? Palibhasa hindi ikaw ang nasa posisyon ko kaya ganyan mga nasasabi mo! Hindi mo alam ang pakiramdam ng niloko! Ang pinagmukhang tanga! Hindi mo alam! Ang sakit Fe Ann. Ang sakit! Hindi ko na kaya! Sobrang sakit.**

**Sssshh. Sorry…Okay okay. Ilabas mo lang. Ssshh…**

At dun na nga tuluyan na naman ankong humagulgol.

*After one year…*

Ang tagal naman ng Fe Ann na toh. Tsk kanina pa ako naghihintay dito sa harap ng simbahan eh. Dito ang meeting place naming palagi kapag lumalabas kumbaga may date kaming mag-bestfriend. Dahil maka-Diyos kami, magdadasal muna kami bago umalis, magpapasalamat sa Diyos ganon ganon.

Di kalayuan, nakita ko ex ko. Oo. Hindi na ako bitter. Like, hello? One year na kaya. Pero di ko maiwasang hindi mainis sa kanya. Pano naman, mahirap tanggapin na nagmukha kang tanga. Ah basta. Ngayon, iba na naman kasama niya. Oh baka naman, isa sa mga laruan niya. Hay nako, sana talaga maturuan ang lalaking yan. Pati na rin mga kagaya niyang babaero.

Tumalikod na lang ako at naglakad palayo kasi naman, palapit na sila sa pwesto ko. Ayokong makita niya ako at baka ipakita na naman niyang ang laki kong tanga dahil naniwala ako sa kanya. Asan na ba si Fe Ann? Ang tagal naman ng babaen yun.

Umupo na lang muna ako sa may bench sa side ng simbahan. Palinga linga. Kinuha ko phone ko at tinext si Fe Ann kung nasan ako. Tapos, sinalpak ko earphones sa ipod ko. Nakikinig ako ng music para naman di ako mabagot. Tsk. Antagal talaga.

Pagkalingon ko sa kaliwa ko, may nakita akong something shiny. Hindi ko sana papansinin kaya lang, parang inaakit niya ang beautiful eyes ko. Tsk. Panira ng moment eh. Dahil uto uto ako, pinuntahan ko. Eh ayun, kaya pala shiny eh. It's a bracelet. Hindi lang siya bracelet. Super duper gandang bracelet. Ewan ko kung kanino to. Kakaupo ko nga lang diba? Dahil sa type ko yung bracelet. Kinuha ko na lang. Hindi ako magnanakaw noh! Hmmm. Sabihin na lang naten na kunwari bigay ni God yun. Eh pano naman kasi, may something mysterious sa bracelet eh. Feeling ko para sa akin talaga yun. Oo na, ako na assuming. Kaya sinuot ko na lang. In fairness, bagay sa akin. After ko bumalik sa kinauupuan ko kanina, saka naman dumating ang bruhilda. Hay! Salamat naman.

**Bakit ang tagal mo naman ata?** Tinatanong ko si Fe Ann na halatang nagmamadali sa pagpunta sa pwesto ko. Pano ang gulo ng buhok at hinihingal.

**Eh kk-aasii *hinga* na-ha late-ha *hinga* ako-ha nahang gihesing- ha. *hinga hinga ulit* Sorry.** Sabi niya.

**Upo ka nga muna. Bakit ka naman na-late ng gising? Nakalimutan mo?** Tanong tanong ko sa kanya habang paupo rin ako sa tabi niya.

**Ewan ko. Hahaha. Hindi ko nailagay sa reminders ko**. Sabay tatawa tawa siya.

**Sus! Nagkaboypren lang, nakalimutan na ang bespren!** Sambit ko naman. Oo, may boyfriend siya ngayon. Kelan lang nung sinabihan niya akong pareparehas lang mga lalaki—manloloko at walang kwenta. Pero tignan niyo naman, kumarengkeng na nga naging ulyanin pa. Ang hirap maging loveless sa mga panahing to! Di ko maiwasang maiingit eh.  Shet lang eh.

**Oh, san ba tayo pupunta?** Tanong niya bigla.

**Uhm, kahit saan. Basta pag may nakita akong type ko eh dun tayo.**

At ayun nga, tumayo na kami at naglakad lakad…

Lakad lakad…

Lakad lakad…

**Ano ba yan Inah? Kanina pa tayo lakad ng lakad, wala ka pa ring naiisip? Bakit si tayo sa Mall? Sa palengke? Sa ukay ukay? O? Saan?**

**Wow ha! Makapagreact wagas!**

Pagsasagot ko sa kanya. Ewan ko, nagyon ko lang naman nakitang bagot tong taong to. Dati, okay lang sa kanya palakad lakad at di alam kung saan ang pupuntahan.

**Eh naman kasiii.** Sabi niya. Hmm. Alam ko na, may something eh. Sus, ako pa, kaya nga ako ang bestfriend niya eh.

**May lakad ba kayo ni Mike?** Tanong ko na lang.

**Uhm…**

sus pakipot pa halata naman sa dazzling eyes niya.

**Ay nako Fe Ann. Aminin na kasii.**

**Oo eh hehehe.**

**Anong oras?**

**Mamayang four…hehehe**

Ngingisi ngisi pa siya.

**Tae mo naman Fe Ann, eh, 30 minutes na lang yun ah, wala pa ngang 30 minutes tayong magkasama. Buti pa boypren mo naalala mong may lakad kayo. Tsss.**

Kunwari nakasimangot ako. Waaa, eh totoo naman nakakatampo kaya.

**Sorry na bhez, sure next time talaga, buong araw na tayong magkasama. Please??**

At yun, na-puppy eyes. Anak ng…. kung di ko lang mahal bestfriend ko eh. Tsk.

**Oo na oo na. sige na nga. Sa Mall na lang tayo. Libre mo ako.**

**Okay payn!**

Tas nagtawanan kaming dalawa.

*Sa Mall…*

**Sarap talaga ng ice cream no?** Sabi ko sakanya habang dinidilaan ko bibig ko sa sobrang ice cream.

**Ano bay an, para ka paring bata kung kumain ng ice cream.** Sabe niya sabay tawa.

Pinunasan ko na lang yung sobrang ice cream sa gilid ng bibig ko gamit yung daliri ko, di makuha ng dila ko eh. Hahaha

**Nice bracelet, sino nagbigay?** Bigla niyang tanong.

Tapos pinakita ko yung wrist ko kung saan yung bracelet. **Ahh eto ba? Wala, napulot ko lang to kanina habang hinihintay kita. Ang ganda no?**

**Oo nga eh. Ang malas naman ng nakaiwan niyan.**

**Well, malas niya, swerte ako.** *evil laugh*

**You're so mean.** Sambit niya tas tumawa lang din siya.

*booogsshh*

**Are you alright? Miss?** Tanong ng isang lalaki. Napaupo ako sa sahig. Ang sakit. Nakita ko yung ice cream ko nasa floor na rin. Naiiyak ako. Yung ice cream ko…

**Let's go, don't mind her. I'll go shopping pa eh. Tara na…** sambit ng isang maaarteng babae.

**Bhez, okay ka lang?? Tayo ka na diyan, bili na lang tayo ng bago. Bilis na.**

Naluluha na ako. Nakakahiya talaga to. Di ko na nakita yung mukha ng lalaki kasi hinila na siya ng girlfriend niya. Ang malas ko!!!

*After one week…*

Pasukan na naman. Haaay!

*sigh*

Tinignan ko bracelet ko. Napansin ko lang, simula nung sinuot ko to, hindi ko na tinanggal. Kahit pagnaliligo. Na-amaze naman ako, di man kumukupas o kaya naman eh nag-rust. Ang swerte talaga.

Naglalakad ako papuntang school. Wala akong kasabay. Siyempre si Fe Ann, kasama boypren niyang may kotse. Ang bait talaga noh? E di sila na. Hayyy. Gusto ko na rin ulit magkaboyfriend tuloy…siyempre yung hindi kagaya ni Luke na manloloko. Speaking of the Devil, naglalakad din siya papuntang school kasama nung bago na naman niyang girlfriend. Mukhang bitch ang dating eh. Di bale mas maganda ako diyan. Wahahaha. Ewan ko ba sa lalaking toh, end of the world kung makapagpalit ng gf eh. Sana talaga makarma.

*sigh*

Lakad lakad.

Hanggang sa makarating ako sa hagdan paakyat ng room ko.

*PAAAK*

Ooppss…Napatigil ako. Pagtingin ko sa may bandang likod sa baba ng hagdan may isang lalaking hawak ang pisngi niya di ko makita ang fez. Hula ko, nasampal siya. In fairness ha, lakas ng impact. Rinig na rinig ko eh. Tapos yung girl naman na seksi na naka-stilettos pa ng orange tas blue sleeveless dress. Ewwwee baduy, sabi ng isip ko pero in fairness keri eh nagwalk out papuntang kabilang building…

Napatingin sa akin yung lalaki, may hitsura naman, okay okay aaminin ko na, hot siya. Pero di ko type. Mukhang masungit eh.

**Aa-ahm, okay ka lang ba?** Tanong ko sa kanya.

**Nasampal ako at brineak pa ako ng girlfriend ko, sa tingin mo okay lang ako?**

Oo nga naman Inah, ano bang nasa isip mo. Wrong move.

**Aa- kaassiii---**

**Who are you to mind the business of others? Are you some sort of paparazzi? Go on, tell the whole world that I was dumped and slapped!!! Damn!!**

Nagulat naman ako sa sinabi niya. Natakot ako. Hindi ko kaya. Galit na galit siya. Nakatitig lang ako sa kanya.

**What? What are you staring at?** Ooohhh myyy gaaasss, sobrang galit na to. Palapit na siya saakin. Anong gagawin ko…. Huwaaaa, nagsisisi na akong tumingin pa. Hindi na

talaga ako titingin…Promise…Napapikit na lang ako at handa na akong tanggapin ang sampal niya----

1

2

3

4

5

Eee? Pagdilat ko, wala nang tao sa harap ko. Yung lalaki tuloy tuloy lang sa pag-akyat. Mokong na yun!! Sungit!! Pero nakahinga ako ng maluwag at tumuloy na rin sa pag-akyat. Medyo maaga pa naman pero five minutes na lang before the time. Siyempre first day, marami na agad nakaupo. Feeling ko nga ako na lang hinihintay. Ayun sakto, may isa pang upuan sa may likod…

Papunta na ako, palapit ng palapit…nawala ang ngiti sa mukha ko…katabi ko si Mr. Sungit. Ang malas naman oh. Buti na lang nakatingin siya sa may bintana. Please God, sana di niya maalala.

**Uy, Inah! Bakit ka nahuli?** Tanong naman ni Fe Ann sa may di kalayuan. As usual katabi niya si Mike. Ahh oo, parehas kami ng course. Radiologic Technology ang course namin. Kami yung mga taga-X ray. Hahaha Cool no?

Sinenyasan ko na lang siya nang mamaya-ikikwento-ko look. Tapos nagulat ako nung napatingin sa akin si Mr. Sungit with matching frown na parang sinasabi niya what-are-you-doing-here-get-out-of-my-face look niya. Eh natakot ako kaya tinuon ko na lang tingin ko sa board. Buti na lang dumating na yung instructor.

First day nga diba…ayun nagpakilala kami, 3rd year college na ako. Kaya sanay na sanay na ako. Mula pa naman nung elementary ginagawa na toh. So dahil nga dun, nalaman ko name niya.  Charles Alexon Diaz. At ewan ko kung nalaman na din niya pangalan kong Cristinah Dickson. Kung bakit pa kasi naging ka-block ko pa to ngayong sem.

*Sa laboratory…*

**Okay so, with your partners, you'll be responsible for the proper positioning depending on the request of the doctor for proper imaging of the X-ray machine. Okay? If you are finished, call my attention and I'll grade your work. Okay…work work work…** utos ng instructor at saka siya sumipsip sa juice niya. Tsk. Tignan mo tong titser na toh, kumakain kain lang…

**Oh, baka matunaw si Mam niyan…**sambit ng partner ko. Kung di ka nga naman minalas at ang partner mo ang pinakakinakatakutan mo…Si Charles ang partner ko. Pano, alphabetical ang ginawa ng patay gutom naming instructor. Ayan tuloy.

Nagbunutan kami kung sino ang patient at kung sino ang Rad. Tech. Hmmm. Buti na lang siya ang patient. Dahil kung hindi, makakachansing siya ng libre sa akin. Ano siya sinuswerte??? Wuhahahaha.

Napansin ko lang, hindi siya masungit sa akin ngayon. Nagtatawanan nga kami buong period. Pano naman kasi mali mali yung ginagawa kong position sa kanya. Tinuturo niya naman at ayun naiintindihan ko naman. Ehem, biglang nag-iba ata tibok ng puso ko. Pa-check up kaya ako. Erase erase erase. Ano ba yan.

*Sa Library…*

**Uhm, Inah, may tanong ako…**

Nag-aaral ako ng nakakalokong Physics 8. Anheeraap eh. Andami naming Physics.

**Ano??** Tanong ko kay Fe Ann na hindi tinatanggal yung mata ko sa binabasa ko. Bakit ba ako ginugulo ng babaeng to pa gang hanap ko eh kapayapaan?? Lord, sana andito na lang si Mike sa tabi niya. Lord please??

**Kanina pa kasi nakatitig sayo si…**

Di niya naituloy sasabihin niya kasi tinignan ko siya ng masama. Nag-aaral ako eh, ayoko ng istorbo.

**Pwede ba Fe Ann, pumunta ka na lang kay Mike at siya guluhin mo. Ang kulet kulet mo eh…**

**Eh hindi kita niloloko. Kanina ka pa kasi niya tinititigan eh, pati sa room. Pati laboratory period.**

Naku-curious naman ako kung sino yun. Kaya naman…

**Sino??**

**Ayun oh…Si papa Charles…ayieee. Anong meron?**

Kinilig naman ako. Tinititigan ako?? Ni Charles?? Hahaha aaminin ko, crush ko na siya ngayon. Malandi ako eh. Hahaha. Landi!!

**Oh eh ano naman ngayon? Baka naman napansin lang niyang may kulangot ako at siya ang gustong magtanggal??** Pagtatago ko na lang ng nararamdaman ko. Pero deep inside, supeer kilig ako…

**Eh naman. Diba sinabi mo naman sa akin kung gaano siya kasungit sayo??** Oo nakwento k okay Fe Ann yung nangyari. Pero ayun nga, nagbago ihip ng hangin. Ewan ko ba. Mag-aaral na lang ako. Di ko pinansin mga sinasabi ni Fe Ann. Ngayon goal ko muna makapasa dito. Puteek, lord help!!

*After ilang months…*

**Hey, hindi ganyan ang tinuro ni Mam, sabi, kapag ipinupwesto ang pasyente, gentle lang.**

**Eh pano naman kasi, ang bigat bigat mo.** Sambit ko sa kanya.

**Magrereklamo ka ba pag mabigat pasyente mo? Eh pano na lang pag…** natawa siya bigla. Ang gulo din ng isang to eh. Pero ang kyut niya pag tumatawa. Ayun napagalitan tuloy kaming dalawa kasi naman napalakas na tawa namen.

**Inah, do you believe in destiny?** Biglang seryosong tanong niya.

**Pinagsasabi mo?** Tanong ko sa kanya habang kunwari inaayos ko paa niya positioned for X-ray.

**Eh sa love at first sight?** Tanong ulit niya.

Natawa naman ako sa kanya. Parang ewan eh.

**Ha? Walang ganon.** Sabi ko na lang.

**Eh pano pag sabihin ko sayong meron?** Sambit niya titig na titig eh. Nakakatunaw

**Hindi pa rin.** Sabi ko.

**As in?** sabi niya.

**Eh pano, sinabi sa akin yan ng ex ko. Eh ako pa ata nagmukhang kabit eh. Kaya there's no such thing as love at first sight. Killed pwede pa.**

**Killed???** Nagtatakang tanong naman niya.

**Okay okay. Kasi pakiramdam ko nung unang pagkikita natin, pinatay mo ako gamit mga mata mo.** Natatawang sambit ko.

**Ganon ba? Sorry. I was mad at that time. Eh ikaw naman kasi. Pakiramdam ko tsismosa ka kaya ayun. Nadamay ka tuloy sa galit ko.**

**Bakit ba nag-break kayo?** Tinakpan ko bibig ko. Eeeh. Wrong question. Pano parang nagulat din siya.

**Ngayon, tsismosa ka na talaga**. Sambit niyang nakangiti ewan ko ba pero parang ang close na namen. Napangiti ako. Tapos hinwakan niya ilong ko tsaka pinisil.

**Ang cute mo talaga.** Sambit niyang nangigigil.

Saka kami nagtawanan ulit.

**Inah, Inah!!** Napapangiti ako. Nilingon ko yung tumatawag sakin.

**Oh, Charles. Bakit?** Tanong ko sa kanya. Nakakapagtaka nga naman talaga kasi.

**Eh, sabay na tayong umuwi.**

**O-okay.**

Nagulat ako. Kinikilig ako. Natatae? Gutom? Ewan ko basta masaya ako. Waaahh. Nababaliw na akooo!!!

Fe Ann's POV

**Hoy, hoy, Pareng Charles. Isang tanong, isang sagot.**

Hahaha. Natatawa ako. Natakot bigla ang lelong.

**A-ano yun?**

**Gusto mo ba si Inah? Type mo ba siya? Nililigawan mo ba siya? O kayo na?**

**Wait, sabi mo isang tanong lang. Andami naman ata.**

**Isang bagsakan tawag dun. Ano? Ano ha?**

Tapos ngumiti siya. Oo ngumiti. Baliw eh. Gwapo siya pero may Mike na ako. Hahahahaha

**Ano? Sagot!!!**

**Yeah. I like her. Why?**

Hmmm. Kinilig naman ako dun.

**Talaga? Okay kung ako sayo, ligawan mo na! Pero wag na wag mong sasaktan dahil kong hindi, I'll kick you…where it hurts the most.. gets mo??**

**Yeah, I get it. Magbestfriend nga talaga kayo.** Tapos tumawa siya.

**Okay.** Tas umalis na ako kaya lang…

**Wait, Fe Ann, wag mo munang sasabihin kay Inah yung plano ko ha?** Tapos nagkamot siya ng ulo. May napansin akong something sa wrist niya. Kung hindi ako nagkakamali…

**Hey, pwede patingin ng bracelet mo??**

Tapos nagtataka naman niyang pinakita. Nagulat ako.  O__O

**Kanino mo napulot to???** Tanong kong gulat sa kanya.

**Ha?** Nagtataka naman hitsura niya. **Hindi ko napulot yan. Sa akin talaga to, bigay ng lolo ko.**

May nakita kasi akong ganyan eh. Ewan ko lang kung saan. Pero nakita ko na to. Kunwari di ko alam pero alam na alam ko kung kanino.

**Ahhh, eh actually, may partner toh. It's a couple bracelet kung tawagin ng lolo ko. Actually, this had been passed from generations sa unang lalaking anak. Sinasadyang walain namin yung pair nito and kapag may nakapulot, siya ang destiny namin. And this never fail.** Sabi niya habang winawagayway pa yung wrist niya. Oh my gaaasss!!!

**Eh pano pag lalaki yung nakapulot?** Tanong ko.

**Hindi yun mangyayari. Believe it or not, pero babae lang ang nakakapulot ng partner nito. Ewan ko pero ganun din kasi sila Mommy and Daddy. Asteeg no?**

**Eh diba may ex ka?** Tanong ko.

**Oh yeah, pinasuot ko sa kanya yung bracelet. Kaya lang, ayaw niya kasi daw mukhang cheap at wala sa taste niya. Kaya ayun, winala ko na lang.**

**Uhm, gusto mo ba ma-meet kung sino yung nakapulot ng bracelet?**

Mukhang nagulat naman siya at nabuhayan ng loob.

**Yeah, I'd like too. Kilala mo ba siya??**

**Well, hindi naman sa kilala pero kilala naming ni Inah.** Pagsisinungaling ko sa kanya.

**Oh. Akala ko naman si Inah. Pero that's fine. I'll be glad to meet that person.**

*Sa kwarto ni Inah…*

**Inah, sige na pumayag ka na. Please??**

**Ayoko. Bakit ba?**

Eto ako, pinipilit si Inah makipagmeet kay Mr. Destiny. Napagusapan namin ni Charles na makikita niya yung destiny niya sa may Garden sa school. At sabi kong wag na niyang pakawalan.

**Sige na please…**

Nagmamakaawa ako. Lahat na ng pagpapacute ko ginawa ko na.

**Okay okay sayo na lahat ng album ni Taylor Swift libre tsaka yung collector's item ko ng Hello Kitty say o na rin lahat. Makipagmeet ka lang. Please???? Libre na rin kita ng ticket sa world tour ng Big Bang…**

Nagulat naman siya sa mga offer ko…please lord..pinagsisisihan ko tong mga alok ko, kasi naman…love na love ko to lahat tapos..Huhuhuhu

**Talaga????** Tanong niya biglang nagkainteres.

**Oo nga!!!** Sabi ko na lang…

*Sa Garden…*

Hmmm. Kinakabahan ako. Baka naman duling yung taong yun…baka naman hmmm. Ayoko na…kinakabahan talaga ako eh…tinignan ko bracelet ko…gumagaan talaga pakiramdam ko pag nakikita ko to eh…ewan ko ba sabi ni Fe Ann, isuot ko daw yung bracelet…eh lagi ko namang sout to. Hahaha

**Uhm, excuse me…** sambit ng isang lalaki…kilala ko yung boses nay un eh…Pagkalingon ko…

**Charles?/Inah?** Sabay naming banggit.

Nagulat din siya. Bakit siya andito?

**Don't tell me ikaw yung sinasabi ni Fe Ann??** Sabay na naman naming banggit.

Tapos napatigil kami. Tsaka tumawa.

**Bakit ka andito?** Sabi ko sa kanya.

**Ikaw bakit andito?** Tanong niya naman.

**Dahil dito…**sambit ko tsaka ko pinakita bracelet ko.

**Ikaw???** Gulat na tanong niya.

**Wait nga, naguguluhan ako…ano ba talaga, bakit ka ba andito??**

**Dahil din dito…** tapos pinakita niya yung bracelet niya. Tinignan ko ulit bracelet ko. Parehas kami. Parehas na parehas.

**Oh, ano naman kung parehas tayo ng bracelet??** Tanong kong naguguluhan.

**You don't know it, do you? It's a couple bracelet.** Gulat ako sa sinabi niya.

**Couple bracelet???**

**Yeah, it's somewhat…ahh pano ko ba i-eexplain. Okay, so kasi ganito yan, sinadya kong iwala yan, kasi daw, kung sinong makapulot niyan, na babae, siya ang destiny ko…**

**Wahaahahahahahahahahahaha destiny haahhahahahaha.** Natatawa talaga ako. Solid.

**Bakit ka tumatawa?** Tanong niya.

**Wala. Hahahaha** tapos tumawa na naman ako.

**Can't you see? Pinaglapit niya tayong dalawa. Do you remember nung nasa mall ka? Nung kumakain ka ng ice cream?? Ako yung lalaking nakabunggo sayo, I remembered your face. And look, tayo pa ang partner sa lab. Sa lahat ba naman ng letter D na pwede eh ikaw ang napartner sa akin. And look, na sa iyo pa ang winala kong bracelet. Uhm, I know my reasons are nothing for you to believe in destiny. But sana naman, please, not for the sake of destiny pero please, can you be my girlfriend???**

Okay ano daw? Nabingi naman ako. Ang bilis naman. Kinikilig ako. Sobra.

**Charles…**

**Its okay Inah, I understand…** tapos natahimik na siya.

**Charles…do you believe in destiny???**

**Yes.** Seryosong sagot niya.

**Do you believe in love at first sight?**

**Yes, the day I saw you peeking at the stairs. I know this is crazy but it's true. I thought I was just mad but I'm wrong, I saw an angel that day. Call me weirdo.**

Natawa naman ako. Ang corny niya eh. Pero sobrang kinikilig na ako. Parehas kami ng nararamdaman.

**Sige eto na lang, do you believe that I like you kahit ang sungit sungit mo. Nagmamagaling sa laboratory at napaka-hopeless romantic mo?**

Napatingin siya sa akin bigla. Nakangiti naman ako sa kanya.

**I love that smile. It makes you more beautiful.** Tapos kinilig ako hahahah. Siya naman nakakatitig lang…wala siyang sinasabi pero I can feel him through his eyes. Ewan ko ba. Kinikilig ako.

**I love your eyes. I can see what you truly are…**

Tapos, unti unti…lumalapit siya sa akin…

Tapos napapikit ako…

Tapos nafeel ko labi niya dumampi….

Sa noo ko… nyaks!!!

***

-noquane-

Author’s note: Wahaha eto po ang aking kauna-unahang One Shot. Hahaha. At eto na nga siya. Tapos na…Ewan ko kung maganda para sa inyo pero guys, if you happened to read this, pwede bang mag-comment na lang kayo…at vote??? Hahahaha I’d be glad. Thank You!!!